




Traffic rules ng bisikleta.

I-check natin!

Simula sa Abril 2026,
ang pagmamaneho ng
illegal ay pagmumultahin



Sa tingin ko maraming tao ang madalas na gumagamit ng mga bisikleta bilang isang convenient na paraan ng transportasyon. Upang maiwasan ang mga aksidente sa trapiko ng bisikleta, suriin natin ang tamang patakaran sa trapiko.

Paano sumakay ng bisikleta: Limang mahahalagang tuntunin

- 1 Sumakay sa kaliwang bahagi ng kalsada
Ang mga bisikleta ay isang uri ng sasakyan, at sa ilang mga eksepsiyon, dapat na sila ay nasa kaliwang bahagi ng kalsada. Kahit na sa mga bangketa kung saan pinapayagan ang mga bisikleta, ang mga naglalakad ang prioridad sa daan. Kapag nagbibisikleta, dahan-dahan lamang at manatiling malapit sa kalsada.
- 2 Sa mga intersection, sundin ang mga traffic light at stop sign, at siguraduhing ligtas ito.
- 3 Palaging ilagay ang ilaw sa gabi.
- 4 Hindi dapat magbisikleta kapag uminom ng alak.
- 5 Magsuot ng helmet para mabawasan ang panganib na ma-injure sa isang aksidente.



Bukod dito, ipinagbabawal din ang paggamit ng cellphone habang nagbibisikleta at ang pagbibisikleta habang may hawak na payong.

**Kung hindi
sumunod sa mga
patakaran,
pagmumultahin !**



Magpapataw ng mga parusa para sa paglabag sa mga panuntunang ito, at mula Abril 2026, aabisuhan ang mga lalabag at kinakailangang magbayad ng mga multa, katulad ng para sa mga kotse at motorsiklo. Halimbawa, kailangan mong magbayad ng 12,000 yen para sa paggamit ng iyong cell phone habang nagmamaneho, at 5,000 yen para sa pagmamaneho sa gabi nang hindi nakabukas ang mga ilaw. Siguraduhin na sundin ang mga tuntunin sa trapiko at magmaneho nang ligtas.

出典：「広報けいしちょう」春号（第111号）より抜粋し、JITCOが作成

Matuto ng mga panuntunan sa trapiko sa pamamagitan ng panonood

Ang JITCO Educational Materials Online Shop ay nagbebenta ng DVD na "Learn Japanese Traffic Safety through Q&A: Rules for Pedestrians and Bicycles." Ito ay naitala sa limang wika: Japanese, Chinese, English, Indonesian, at Vietnamese. Gamitin at pakinabangan natin ito.



Q&Aでわかる日本の交通安全
～歩行と自転車のルール～